MM 9　DD 1　 YY 2021

Para sa Magulang

Koshimizu Primary School
Principal 阿知波　早百合

Tungkol sa Pag-iwas sa Pagkakasakit ng COVID 19 Disease (Pakiusap)

Sa patuloy na pagdami ng bagong Delta variant lalo na nuong katapusan ng Hulyo dumarami ang kaso ng pagkakasakit sa mga bata. Ang bagong variant na ito ay sinasabing mas madaling makahawa kumpara sa dating virus at pinapahalagahan ng Toyota City na mapigilan ang paglaganap ng sakit.

Ipinalabas na muli ang state of emergency para sa Aichi prefecture subalit upang mabigyan ng kasiguraduhan ang pag-aaral ng mga bata, sisimulan muli ang pagpasok sa Setyembre 1st . Upang maiwasan ang pagkakasakit ng mga bata at maipagpatuloy ang pag-aaral, mahalaga ang kooperasyon hindi lamang mula sa mga bata kundi pati na rin mula sa mga kapamilya.

Ipinakikiusap ang kooperasyon ng mga kasambahay at kapamilya tungkol sa mga susunod na bagay para sa pagpapatuloy ng ligtas at maayos na pag-aaral.

記

１．Huwag ng pumasok sa paaralan kung may naaangkop sa sumusunod

○Kung may lagnat at mga sintomas ng sipon ang bata pati na rin ang alin man sa kasambahay★

○Kung ang kasambahay ay napag-alaman na may direct contact sa may sakit, hindi maaaring papasukin ang bata hanggang sa matapos ang durasyon ng quarantine ng kasambahay.★

○Kung may lagnat ang bata at iba pang sintomas ng sipon at kahit na kaagad gumaling (Ex. May lagnat sa gabi, gumaling sa sunod na umaga), huwag papasukin ang bata sa loob ng isang araw at pag-isipan din kung kailangang kumunsulta sa doktor.★

２．Inaasahan ang inyong koopersayon sa mga sumusunod na bagay.

○Iwasan ang pagkain kasama ang ibang tao maliban sa kapamilya at kung hindi ito maiiwasan, siguraduhin na kaunting tao lamang at isagawa ang lahat ng magagawa upang maiwasan ang pagkakasakit.

○Iwasan ang hindi kailangang paglabas lalo na sa lugar na maraming tao.

○Iwasan ang pagpunta sa ibang prefecture.

○Sabihan ang inyong anak na huwag pumunta sa ibang lugar pagkatapos ng klase o pagkatapos ng club activity at umuwi ng deretso sa bahay

３．Iba pa

・Kung hindi makapasok para sa pagbabakuna laban sa COVID 19 disease o kaya ay sumama ang pakiramdam pagkatapos ng bakuna pati na rin sa mga sitwasyon sa itaas ★, hindi ito ibibilang na 「欠席 absent」 kung hindi 「出席停止 pagpapatigil sa pagpasok」kaya tumawag lamang at ipaalam sa paaralan.

Gayundin, upang mapigilan ang pagdami ng pagkakasakit sa paaralan at ayon sa desisyon ng principal maaaring ipatigil ang pagpasok 「出席停止」 kaya inaasahan ang inyong pang-unawa.

・Kung mayroon kayong alalahanin sa pagpasok ng inyong anak, kumunsulta lamang sa paaralan.

・Ipinakikiusap na huwag magkaroon ng diskriminasyon sa mga nagkasakit, sa nagkaroon ng direct contact, sa mga nagtatrabaho sa ospital atbp pati na rin sa sapilitan na pagbabakuna at umaksyon ayon sa tamang kaalaman at impormasyon.

・Ang ating paaralang ay magsasagawa ng lahat ng kinakailangan paraan para sa pag-iwas sa sakit at isasaalang-alang ang sitwasyon at karapatan ng bawat bata at pamilya.

In charge　Head Teacher 教頭　藤井　忍
Telepono　0565－32－0194